



KWENTONG-K

Mga kwentong may-K, halina't basahin at ibahagi!



HULYO 2017



Panahon para mag-relax at magsaya. Ilang mga larawan mula sa ginanap na Rest and Recreation Activity ng Kasagana-ka noong Hunyo 28-30, 2017 sa Shercon Resort and Ecology Park, Brgy. San Rafael, Mataas na Kahoy, Batangas. Dito ay ginanap ang inaabang taunang programa na Mr. and Ms. Kasagana-ka 2017 at ganoon din ang iba't ibang team building activities.

SA HINDI INAASAHAN, MAY MAASAHAN

ni Paul John Lalaguna

Si Ate Marivic Antonio ay apatnapu't walong taong gulang at apat na taon ng kasapi ng Kasagana-ka. Silang mag-asawa ay may pitong anak at kasalukuyang naninirahan sa bahay na awarded sa kanila ng National Housing Authority (NHA) sa bayan ng Pandi, Bulacan. Ang kanilang buhay noon ay simple at kumikita ng sapat lamang para sa pang araw-araw na gastusin ng kanilang pamilya. Ang kaniyang asawa ay isang taxi driver na umuupa lamang ng taxi upang pumasada. Habang si Ate Marivic ay tumatanggap ng labada at nagsisilbi sa kanilang barangay bilang *mother leader* upang makatulong sa kaniyang asawa.

Taong 2014, hindi inaasahang nakilala ni Ate Marivic ang Kasagana-ka sa pamamagitan ni Michael Beltran na Socioeconomic Officer ng Norzagaray Satellite Office noong panahon na iyon. Nagkataon na noong araw na iyon ay may sinadyang hanapin na tao sa lugar ng Pandi kung saan naninirahan si Ate Marivic at siya ang napagtanungan ni Kuya Michael. Doon ay sinamantala ni Ate Marivic ang pagtatanong kung pwede din ba siyang maging miyembro ng Kasagana-ka. Ang isinagot ni Kuya Michael ay maari naman silang maging miyembro ngunit kailangan muna nilang bumuo ng sentro na may pitong pares ng miyembro at babalikan na lamang sila dahil noong mga panahon na iyon ay bago pa lamang silang naninirahan sa Pandi Heights Ville. Lumipas ang ilang buwan at nawalan na sila ng pag-asa na babalik pa ang SO na pumunta sa kanilang lugar. Hanggang sa dumating ang araw na naabot nila ang bilang na kinakailangan, sila ay binalikan ni Kuya Michael. Sila ay dumaan sa orientation at nakapasa sa Policy Recognition Test. Ang kaunaunahang sentro sa kanilang lugar ay pinangalanan na 'Pandi Heights' alin sunod sa pangalan ng kanilang lugar.

Si Ate Marivic ay masayang naging miyembro ng Kasagana-ka dahil noon ay wala ni isang microfinance na pumupunta sa kanilang lugar. Sa pagdating ng Kasagana-ka, lubos na tulong ang kanilang naramdaman na sa wakas ay may nagtiwala sa kanila

kahit na tanging sipag sa paghahanap-buhay at pagtitinda ng kung anu-anong bagay ang mayroon sila.

Ang sentro ng Pandi Heights ay nagkaroon ng unang bilang ng mga miyembro na sampu. Sa una ay maganda ang naging lagay ng kanilang sentro. Ngunit sa paglipas ng panahon habang dumadami ang kanilang miyembro, hindi maiiwasan na magkaroon ng mga pasaway at problema. Ang pinaka naging suliranin ni Ate Marivic ay noong mayroon silang miyembro na kaka-reloan pa lamang at tumakas. Ang pangyayaring ito ang sumubok sa katatagan ni Ate Marivic. Nagdesisyon siya na puntahan ang tumakas na miyembro sa lugar ng Matictic kasama ang kaniyang SO. Naging mahirap ang pagpunta nila sa lugar na iyon dahil ito ay mabundok at mabato. Nang natagpuan nila ang miyembro at kanilang napag alaman na kaya ito tumakas ay dahil sa pagkamatay ng anak nito. Naunawaan naman ito ng sentro at pinagtulungan na lamang ng co-maker nito at ni Ate Marivic ang pag-aayos sa naiwang obligasyon ng miyembro.

Kalaunan, naging presidente ng pabahay si Ate Marivic. Dahil dito ay nabawasan ang kaniyang atensyon sa pagiging center chief ng Kasagana-ka. Nakaapekto ito ng malaki sa sentro dahil siya ang pundasyon nito. Madaming hindi dumadalo ng meeting at nabawasan ang mga miyembro, hanggang sa umabot sa sampu na lang ulit ang aktibong miyembro nila sa sentro. Siya ay nangamba sa kalagayan ng sentrong hawak kaya siya ay nagpasiyang ibalik ang focus sa sentro at nangako na ibabalik ang dati nitong sigla at mapadami ulit ang mga miyembro.

Si Ate Marivic ay nagkaroon din ng mga personal na suliranin. Isa na dito ay ang pagkakasakit ng kaniyang asawa. Nabawasan ang kanilang pang-suporta sa pamilya dahil sa nahinto ito sa paghahanap buhay. Doble-kayod ang ginawa ni Ate Marivic sa kaniyang sari-sari store at noong siya ay maka-loan ay nagdagdag siya ng iba pang mapagkakakitaan tulad ng Burger Stand.



Si Ate Marivic Antonio, member mula sa Norzagaray Satellite Office. Sa hindi inaasahang pagkakataon ay nakilala niya ang Kasagana-ka at naging katuwang sa buhay.

Dumating din sa panahon na siya ay nangangamba dahil kinailangan niya ng pananalapi para sa Board Exam ng kaniyang anak. Kinausap niya ang kaniyang SO upang makapag-loan ng K-Edukasyon para dito at napagbigyan naman ito. Sa kabutihang palad ay nakapasa ang kaniyang anak at ngayon ay isa ng guro sa isang pampublikong paaralan.

Dahil sa edad ng kaniyang asawa, nahirapan na itong makapag-hanap ng papasukan na trabaho kaya't nag-isip si Ate Marivic ng maaring gawing negosyo ng kaniyang asawa. Nag-reloan siya ng K-Negosyo upang magkaroon ng pang down-payment sa kotseng kukunin nila. Nailabas nila ang kotse at ini-rehistro sa Uber.

Si Ate Marivic ay naging matatag at naging positibo kahit naging mahirap na ang kaniyang sitwasyon dahil sa mga problema't hamon na kaniyang kinaharap. Malinaw sa kaniya ang hangarin na makatulong sa mga miyembro at tao sa kanilang komunidad. Ang lagi niyang binabanggit ay gusto niyang maranasan ng iba ang tulong na naranasan niya mula sa Kasagana-ka.

Ang aking rekomendasyon dito ay kaniya pang ipagpatuloy ang pagiging magandang modelo sa mga miyembro na hinahawakan at ipagpatuloy ang pagiging inspirasyon sa iba. Maging handa sa mga kakaharapin pang hamon sapagkat nag-uumpisa palang mag-matured ang sentrong kinabibilangan. Pagiging matatag at positibo ang susi para malampasan ang mga suliranin. Lalo pang pag-ingatan ang negosyo at pagyamanin ang mga bagay na meron na sa negosyo.

Si Ate Marivic Antonio ay member mula sa Norzagaray Satellite Office. Siya ay nasa 7thth loan cycle at may loan amount na Php 24,000.

Ang lathalaing ito ay mula sa case study ni Paul John Lalaguna noong siya ay SO Probationary pa lamang sa Norzagaray Satellite Office. Ang mga empleyadong nasa probation-nary status ay required na magsulat ng case study. Sa kasalukuyan siya ay regular na SO at naka-assign pa din sa nasabing Satellite Office.

MAGING KASANGKAPAN SA PAG-ABOT NG LAYUNIN

ni Leonard Galarde

Sa ilang buwan kong pamamalagi sa HR, masasabi kong mapalad ako sa aking trabaho sapagkat bihira sa isang organisasyon ang mayroong kultura na tulad ng Kasagana-ka at iyon ay ang kultura ng pagiging isang pamilya na bihira mong makita sa ibang kumpanya. Iyon ang dahilan kung bakit nandito pa rin ako at nagsisikap sa aking trabaho. Masaya ako sa aking trabaho maging sa aking mga kasama, hindi lang sa unit na aking kinabibilangan kundi maging sa ibang unit na nakakasama ko araw-araw. Magkakaiba man ang papel na ginagampanan ng bawat isa subalit makikita mo sa kanila ang iisang layunin na makatulong at mag malasakit sa mga nanay na pinaglilingkuran ng Kasagana-ka.

Noong una ay hindi naging madali para sa akin ang aking trabaho sapagkat mula sa operation na aking pinanggalingan ay mapupunta sa HR na dati ay pangarap ko lang. Naging malaki ang aking naging adjustment lalo na sa aking mga kilos, salita at paggawa sapagkat nasanay ako sa operation na halos magkakapatid na lang ang turingan namin sa isat- isa. Kahit alam kong hindi magiging madali para sa akin ang aking bagong trabaho, isa lang ang natitiyak ko, may mga bagong kaalaman na akong matutunan na makakatulong hindi lang sa aking gawain kundi maging sa aking sarili upang ako ay lalo pang maging produktibo sa aking pagtatrabaho.

Masaya na mahirap para sa akin ang trabahong ito. Masaya sapagkat sa mga bagay na nagagawa mo sa mga empleyado maliit man o malaki ay mararamdaman mo ang importansya at kahalagahan nito para sa kanila. Lalo na kung sila ay nagpasalamat na sa iyo. Kung minsan nga, kahit maliit na bagay lang silang pinakisuyo at hindi naman ganoon kahirap sa iyo ay lubos ang kanilang pagpapasalamat dahil sa naitulong mo. Kaya naman kung minsan ay hindi ko maiwasang maalala ang mga nanay na dati ay nakakasama ko sa operation dahil ganoon na lang din ang kanilang pagpapasalamat sa mga maliliit na pagtulong na nagagawa ko sa kanila. Mahirap sapagkat hindi ganoon kadali ang responsibilidad na iniatang sayo kaya kailangan mo itong mapanatiling maayos at tama.

Natutunan at nalaman ko rin dito ang mga benepisyo ng mga empleyado na dati ay hindi ko alam noong ako ay nasa operation pa lamang. Isa na nga dito ay ang iba't ibang uri ng leave na marapat lamang na naibibigay at nagagamit ng isang empleyado. Natutunan ko rin dito kung paano ang pagtutuos ng sahod ng isang empleyado na dati ay hindi ko alam at wala akong pakialam kung paano ito tinutuos subalit simula ngayon ay kailangan ko itong pag aralan at alamin upang makatulong sa aking trabaho. Nalaman at natutunan ko rin ang mga benepisyo ng ating gobyerno, isa na nga dito ay ang Social Security System. Ang madalas kong i-proseso ay ang salary loan, sickness at maternity benefit ng mga empleyado.

Nabigyan din ako ng iba't ibang assignment. Una na nga dito ay ang pagbuo ng bagong exam ng SO at OAS na magagamit ng operation para sa evaluation ng mga SO at OAS na nasa trainee/probationary status. Nakakatuwang isipin na ngayon ay naga-gamit na ng operation ang binuo kong bagong exam at maitutu-ring ko itong isang achievement bilang HR Officer. Sumunod dito ay ang paggawa ko ng memo patungkol sa ginawang Kalaro 2016. Noong una ay wala akong idea kung paano ito gagawin at kung ano ang nakapaloob dito, alam kong mahihirapan ako sa paggawa nito dahil bagong pasok palang ako noon sa HR. Subalit nagpapasalamat ako hindi lang kay Ate Celine kundi maging sa lahat ng kasama ko sa unit sapagkat nandiyan sila palagi upang gabayan ako sa aking mga ginagawa.

Isa rin sa mga hindi ko makakalimutang pangyayari bilang HR Officer ay noong makasama kami ni Ate Lyka sa isinagawang strategic plan ng mga Board of Trustees (BOT) kasama ng ilang managers sa Alitagtag, Batangas.



Si HR Officer Leonard (nakabilog) kasama ang buong HRMDS Team noong nakaraang Rest and Recreation Activity ng organisasyon.

Noong una ay natatakot ako dahil BOT ang makakasama namin dahil sa tagal ko na dito sa Kasagana ka ay dalawa pa lang ang BOT na kilala ko at nakita ko sa personal, sina Nanay Wennie at Nanay Letty. Subalit nawala lahat ng aking takot ng makasalamuha namin ang mga BOT. Magkakaiba man sila ng personalidad subalit makikita mo ang kanilang pagkakaisa sa pagbibigay ng importansya sa bawat isang empleyado sa organisasyon, rank and file man o bahagi ng Management. Alam nila na iisa ang ating layunin at iyon ay ang makatulong sa mga nanay na ating pinaglilingkuran. Marami akong natutunan at naunawaan sa session na iyon na alam kong makakatulong sa akin. Naranasan ko rin dito ang mapagalitan dahil sa mga maling trabaho na aking nagawa subalit nagpapasalamat ako dahil sa mga pagkakamaling iyon ay mas lalo ko pang pagbubutihan at pag-iigihan ang aking trabaho sa susunod. Doon ko rin napagtanto na mahalaga ang papel na ginagampanan ng BOT para sa ating organisasyon dahil sila ang unang gumagawa ng paraan at solusyon kung paano mapapabuti ang kalagayan ng ating organisasyon. Kaya naman dapat nating ipagpasalamat na nariyan sila para sa atin.

Bilang HR Officer at empleyado ng Kasagana ka, alam kong marami pa akong kailangang gawin at matutunan upang mapangalagaan at mabigyan ng angkop na benepisyo ang mga empleyado at ang mga nanay na ating pinaglilingkuran. Alam kong sa patuloy na paglaki ng organisasyon ay marami pang mga nanay ang ating matutulungan. Kaya naman habang nandito ako at kaisa ng organisasyon ay gagawin ko ng maayos ang lahat ng aking trabaho sa abot ng aking makakaya. Isa ako sa magiging kasangkapan upang maisakatuparan ang layunin at adhikain ng organisasyong ito.

Ito ay reflection paper ni Leonard Galarde noong siya ay Junior HR Officer-Trainee pa lamang. Ang mga empleyadong nasa trainee status ay required na magsulat ng reflection paper. Sa ngayon siya ay isa ng regular na Junior HR Officer.

'ALA EH, KAYGANDA AT KAYSAYA SA BATANGAS!'

ni **Angelyn Jolo**

My 5th RNR. Buong saya kong isinulat ang katagang iyan sa aking RNR 2017 Invitation. Ang bilis ng panahon at akalain mong pang-limang RNR ko na pala. Boracay, Batangas, Zambales, Puerto Galera, at ngayon, Batangas ulit. Sa *Shercon Resort and Ecology Park* ang aming tungo. Nakita ko na iyon sa Facebook, noong minsan ay nag-viral ang isang post patungkol dito at base sa mga picture maganda siya. Kaya excited ako, gusto kong makita ang lugar at kung magkakaroon ba ako ng *'expectation vs. reality' moment*.

Pagdating doon, hindi ako binigo ng nag-viral na post sa Facebook dahil tunay nga na maganda at napakalawak ng lugar. Hindi mo iisipin na nasa Batangas ka, na ilang oras lang nasa Maynila ka na ulit. Masasabi ko na sulit ang *counterpart* kong Php 1000 at nagpapasalamat pa din ako palagi sa organisasyon na kinabibilangan ko at binigyan nila kami ng pagkakataon na makarating sa iba't ibang lugar.

Dumating na din ang iba pang mga empleyado at ayaw ko mang aminin, pero hindi ko na kilala ang iba sa kani-la. Naalala ko noong una kong RNR, sa Boracay, kahit malaki iyon, lahat ng masalubong kong empleyado, alam ko ang pangalan, pero ngayon, may ilan-ilan na din akong hindi kilala. Ang laki na nga talaga ng pamilya ng Kasagana-ka.

Sa unang gabi ay ginanap ang Mr. and Ms. Kasagana-ka, taun-taon ay inaabangan ko talaga ito dahil pagkakataon ito para magkasama-sama ang mga empleyado. Pagkakataon din ito para bigyan ng *shining moments* ang ilan sa mga empleyado na mayroong bukod tanging ganda, kakisigan at talent. Para sa taong ito ay mas pinatindi ang labanan dahil ito ay *'Biggest Loser Edition'* Ang mga kalahok ay pinili batay sa kanilang *Body Mass Index*, kung sila ay kabilang sa *overweight* hanggang *obese category* ay maaring sila ang maging *representative* ng kanilang cluster para sa kompetisyong ito. Ang layunin nito ay ang pagkakaroon ng *health-seeking behaviour* ng mga empleyado, mahalaga na alagaan din natin ang ating sariling kalusugan.

70 % ang *weight loss percentage* sa *criteria* upang tanghalin na Mr. and Ms. Kasagana-ka.

Nagkaroon ng siyam na kalahok, limang lalaki at apat na babae. Sa kabuuan ay naging masaya ang programa. Nag-enjoy ako lalo sa mga production number ng mga empleyado, nakita ko na bukod sa pagiging magagaling sa Operations ay may mga tinatagong nakakatawa at kahanga-hangang talent din pala ang aking mga kasama. Sa huli, ang itinanghal na Mr. Kasagana-ka ay si Elvin Teves, Socioeconomic Officer (SO) mula sa Central 1 cluster, siya ay mayroong 6.78 *weight loss percentage* o katumbas ng 4.9 kilos ang nabawas sa kaniyang timbang. Ang Ms. Kasagana-ka naman ay si Ma. Abigail Subiaga, SO mula sa East 3 cluster, siya naman ay mayroong 5.64 *weight loss percentage* at nakapagbawas ng 4.1 kilos.

Sa ikalawang araw ng umaga ay ginanap ang teambuilding activities. Sa *Team Orange* ako kabilang, excited din ako dahil pagkakataon ko ito para makapaglaro at ma-overcome ang takot na sumali sa mga activity. Hinati ang mga empleyado sa 8 grupo, lahat ay dadaan sa iba't ibang *challenges* at ang grupo na pinakamabilis sa lahat ang tatanghaling panalo. Pang-lima lang kami at ang nanalong grupo ay ang *Blue Team*.

Para sa akin, ito ang isa sa hindi ko malilimutang RNR. Lalo na noong sinubukan kong mag-zipline. Sinusuotan palang ako ng *harness* ay nag-aalala na ako at natatakot pero tumuloy pa din ako. Naglalakad pa lang pataas nalulula na ako pero naisip ko na kapag oras na para umuwi, lagi kong maisip kung ano ba ang experience ng makapagzipline kaya tumuloy pa din ako. Habang nasa ere nilakasan ko ang loob ko na hindi pumikit at naramdaman ko iyong sobrang saya dahil sa wakas na-overcome ko ang aking takot.


Sa taong ito, masasabi ko na hindi mahalaga ang lapit o ang lugar, ang mahalaga ay kung paano mo ginagawang makahulugan ang bawat pagkakataon na mayroon ka.



Sina Ma. Abigail Subiaga at Elvin Teves, ang itinanghal bilang Mr. and Ms. Kasagana-ka 2017 Biggest Loser Edition winners.



Ang nanalong grupo para sa ginanap na team building ay ang Blue Team. Sila ang grupo na nakatapos ng lahat ng activity sa pinakamabilis na oras.



Contributing Writers

Paul John Lalaguna
Leonard Galarde

Layout

Angelyn Jolo

Photographer

John Ray Piedad

Editor

Armeena Celine Pascual-Ramos

Ang Kwentong-K ay ang opisyal na pahayagan ng Kasagana-ka Synergizing Organizations (KSO). Ito ay nagdodokumento ng iba't ibang kaganapan na humubog sa mga client-beneficiary/member, mga empleyado, at buong institusyon. Ito din ay nagbibigay ng mga napapanahong impormasyon na makakatulong sa mga mambabasa nito.